

## MENSAHE NG AREA PRESIDENCY

# Subukin Ninyo Ako Ngayon sa Bagay na Ito

Ni Elder Michael John U. Teh
Philippines Area President

Noong 1990, matapos kaming ikasal, ipinagbuntis ni Sister Teh ang panganay naming anak. Noong mga 7 buwan na siyang buntis, nag-alala na ako kung paano ko babayaran ang bayarin sa ospital kapag nanganak na siya. Pareho kaming may trabaho noon pero maliit lang ang kabuuang suweldo namin. Hindi iyon nakatulong sa aming kabuhayan dahil nag-aaral pa ako noon. Lagi kaming nagbabayad ng ikapu at lagi iyong nauuna. Matapos magbayad ng ikapu, magbigay ng handog-ayuno, at mag-ambag sa ward missionary fund, halos sapat lang ang natitirang pera para sa pagkain, upa sa apartment, pamasahe, at matrikula ko. Wala kaming naipon dahil walang sumosobrang pera. Bagaman naaalala ko na may mga araw na wala kaming pera para sa pagkain, lagi kaming may pera para sa ikapu.

Sa panahong iyon, nag-alala kami nang husto dahil malapit nang ipanganak ang panganay namin at ito ang laman ng halos lahat ng panalangin ko. Maliwanag na kailangan kong maghanap ng dagdag na pagkakakitaan para mabayaran ko ang bayarin sa ospital. Wala akong nakitang trabaho kaagad pero patuloy kaming nanalig sa mga pangako ng Panginoon.

Isang araw, tinawagan ako ng isang tiyuhin ko na nakatira sa Davao. Ipinaalam niya sa akin na nakisosyo siya sa ilang magsasaka at hindi magtatagal ay magsisimula na siyang magpadala ng mga sariwang prutas sa Maynila. Kailangan daw niya ng tao sa Maynila na mag-aasikaso sa kanyang negosyo. Nang marinig ko ito agad kong sinunggaban ang pagkakataon at sinabi kong ako na lang ang gagawa niyon. Tiniyak ko rin sa kanya na may oras ako - kahit nagtatrabaho ako nang full-time, maraming biyahe kaugnay ng trabaho ko, nag-aaral sa gabi, at naglilingkod sa bishopric.



Kaya, paglabas ko sa trabaho mula Lunes hanggang Biyernes pumapasok ako sa eskuwela mula alas-6:00-9:30 ng gabi. Mula sa eskuwela dumidiretso ako sa palengke ng Divisoria at inaasikaso ang mga prutas na ipinadala ng tiyo ko na ibinebenta sa isa sa mga tindahan ng prutas sa tabi ng kalye. Kadalasan ay mabilis ang bentahan mula alas-10:00 hanggang alas-12:00 ng hatinggabi. Pagkatapos, may kaunting pahinga mula hatinggabi hanggang alas-2:00 ng umaga. Sinamantala ko ang pahingang ito kaya umupa ako ng upuan na maaaring gawing higaan at umiidlip ako o kaya'y gumagawa ng homework. Pagkatapos ay marami na ulit bibili mula alas-2:00 n.u. hanggang alas-5:00 n.u.

Pagsapit ng alas-5:00 ng umaga, nag-uusap kami ng may-ari ng tindahan at sinusuma namin ang kinita sa pagbebenta ng mga prutas ng tiyo ko. Pagkatapos ay ibinibigay sa akin ng may-ari ng tindahan ang pera matapos ibawas ang kanyang komisyon. Pagkatapos ay uuwi na ako, maliligo at papasok na sa trabaho. Sa tanghalian, pumupunta ako sa bangko at idinedeposito ko ang pera ng tiyo ko. Pagkagaling ko sa eskuwela sa gabi, nauulit na naman ang prosesong iyon.

Nagpatuloy ito nang halos dalawang buwan at nakaipon ako ng kaunting pera. Alam ko na dahil sa tapat naming pagbabayad ng ikapu, sinuportahan ako ng

Kapag hindi tayo nagbabayad ng ikapu, pahiwatig ito na nagiging diyos natin ang ating pera. Nakakabahala ito dahil sinabi na ng Diyos na – “Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko.”



LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH MEDIA LIBRARY

Diyos sa loob ng 2 buwang nakakapagod na iskedyul at pagpupuyat. Gayunman, ang pinakamalinaw na pagpapala ng buong karanasang ito ay ang halaga ng perang naipon ko. Iyon mismo ang halagang kailangan ko para mabayaran ang ospital matapos isilang ni Sister Teh ang aming panganay na lalaki. Ang karanasang ito ay naging patotoo sa amin kung paano tinutupad ng Diyos ang Kanyang pangako. Para sa amin, talagang literal na bumukas ang mga dungawan sa langit upang tulutan kaming matustusan ang aming mga pangangailangan.

Madalas subukan ng Diyos ang Kanyang mga tao. Nais Niyang malaman kung uunahin natin Siya sa ating buhay. Kadalasan ay mahirap magpakawala ng pera at iba pang mga materyal na bagay kapalit ng di-nakikitang espirituwal o temporal na mga pangako. Magandang pagsubok ito para malaman kung ang ating katapatan ay nasa Diyos o nasa mga materyal na bagay. Kapag hindi tayo nagbabayad ng ikapu, pahiwatig ito na nagiging diyos natin ang ating pera. Nakakabahala ito dahil sinabi na ng Diyos na – “Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko.”

Kapag sinusunod natin ang batas ng ikapu, hindi rin natin dapat bigyan ng taning ang Panginoon. Mahilig umasa ang mga tao na darating ang mga materyal na pagpapala sa isang tiyak na panahon ayon sa sarili nilang pagtantiya. Sa ganitong paraan nawawala ang tiwala ng karamihan sa Kanyang mga pangako. Tapat sila sa simula pero pagkatapos ay hindi na sila sumusunod pagkaraan ng ilang panahon kapag hindi nangyari ang kanilang mga inaasahan. Kailangan nating malaman na lahat ng bagay ay nangyayari ayon sa kalooban at takdang panahon ng Panginoon at hindi sa atin.

“Sino ako, wika ng Panginoon, na nangako at hindi tumupad? Ako ay nag-uutos at ang mga tao ay hindi sumusunod; ako ay nagpapawalang-bisa at hindi nila natatanggap ang pagpapala. Pagkatapos kanilang sasabihin sa kanilang mga puso: Hindi ito ang gawain ng Panginoon, dahil ang kanyang mga pangako ay hindi natupad. Subalit sa aba nila, sapagkat ang kanilang gantimpala ay nakatago sa kailaliman, at hindi sa kaitaasan.” (Doktrina at mga Tipan 58:31-33)

May nagkuwento noon kung paano nagbabayad ng ikapu ang mga tao kung minsan. Gamit ang sampung mansanas bilang halimbawa, kung minsan ay agad nating kakainin ang siyam na mansanas at saka natin hahatiin ang ikasampu. Pagkatapos ay kakainin natin ang isang kalahati at saka natin itataas ang isa pang kalahati at aalukin ang Panginoon na kumagat. Alalahanin, ang ibig sabihin ng ikapu ay ikasampu. Anumang wala pa sa ikasampu ng ating kita ay hindi ikapu at hindi katanggap-tanggap sa Diyos.

Isa sa mga layunin ng mortalidad ay ang magkaroon tayo ng pisikal na katawan. Gayunman, kasabay nito ay inaasahan na madaraig natin ang likas na hilig ng laman o ang “likas na tao” na kasama nito. Ang dalawang paglalarawan ng “likas na tao” na ginamit sa mga banal na kasulatan ay kasakiman at paghihimagsik. Tutulungan tayo ng batas ng ikapu na madaig ang mga hilig na ito para ating “[hubarin] ang likas na tao at maging banal – handang pasakop sa lahat ng bagay na nakita ng Panginoon na angkop na ipabata sa kanya, … ” (Mosias 3:19)

Habang nadaraig natin ang likas na tao, nag-iibayo ang ating pananampalataya kay Jesucristo. Habang nag-iibayo ang pananampalataya ng bawat miyembro, lalong tumatatag ang mga pamilya. Kapag naging matatag ang mga pamilya, lalago at tatatag din ang mga stake ng Sion.

Ang Diyos ay palaging nananawagan – “subukan ninyo ako ngayon sa bagay na ito; subukan ninyo ako ngayon sa bagay na ito.” Dalangin ko na makinig tayo at sumunod. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■





# Bakit tayo nagbabayad ng ikapu?



"Sinusunod ko ang batas ng ikapu dahil alam ko na ito ay utos ng Panginoon. Nagbabayad kaming mag-asawa nito linggu-linggo simula nang maging miyembro kami mga 30 taon na ang nakararaan. Dahil dito, ang aking mga anak at maging ang aking mga apo ay nangagmisyon at sila ay pinangalagaan … natustusan ang lahat ng kanilang pangangailangan. Malakas pa rin ako sa edad na 80 at pakiramdam ko ay dahil ito sa pagsunod ko sa batas ng ikapu."

**Benito Pangilinan**
*Gapan Philippines Stake*



"Nagbabayad ako ng aking ikapu para ipakita ang pagmamahal ko sa ating Ama sa Langit at pagsunod sa Kanyang mga utos. Alam ko na mapaglilingkuran ko ang Diyos sa pamamagitan ng pagbabayad ng aking ikapu. Makakatulong ako sa pagtatayo ng Kanyang Kaharian dito sa lupa. Makakatulong din ang aking ikapu sa mga full-time missionary. Kapag nagbabayad ako ng aking ikapu, nadarama ko ang pagmamahal ng aking Tagapagligtas at Ama sa Langit."

**Myrna Montilla**
*Puerto Princesa Philippines District*



"Ipinapakita natin ang ating pananampalataya, pagsunod, at pagmamahal sa Tagapagligtas kapag nagbabayad tayo ng ating Ikapu. Ipinapakita natin sa Panginoon na inuuna natin Siya sa ating buhay anuman ang ating sitwasyon.


Tumutulong tayo sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos kapag nagbabayad tayo ng buo at tapat na ikapu. Sa gayon ay ibinibigay ng Panginoon ang Kanyang ipinangakong mga pagpapala kapag taos at tapat nating sinusunod ang utos na ito."

**Dee Franklin Sanchez**
*Angeles Philippines Stake*



"Nagbabayad tayo ng ikapu dahil alam natin na nais tayong pagpalain ng Panginoon. Nais Niyang maranasan at makita nating mabuksan ang mismong mga dungawan ng langit sa ating harapan upang ibuhos Niya sa atin ang napakaraming pagpapala. Nais Niyang maranasan natin kung paano lubos na mapagpapala ng ating pananampalataya ang ating buhay at mapapatibay ang naisin ng ating puso na ipamuhay at sundin pa ang Kanyang mga utos. Sa huli, nagbabayad tayo ng ikapu dahil mahal natin ang Panginoon nang buong puso at buong buhay."

**Jonathan Briones**
*Angeles Philippines Stake*



"Nagbabayad tayo ng ikapu upang ipakita ang ating pagsunod sa Diyos at kapalit nito ay pinagpapala Niya tayo sa espirituwal at temporal. Nagbabayad tayo ng ikapu upang makatulong sa pagtatayo ng mga chapel at templo para maisagawa ng mga miyembro ng simbahan ang mga sagradong ordenansa. Nagbabayad tayo ng ikapu upang suportahan ang mga aktibidad ng simbahan na nagpapalakas ng pananampalataya ng mga miyembro. Tumutulong din ito sa pagsuporta sa mga programang pangkabataan tulad ng mga kamping, mutual at Youth Conference na nagpapalakas ng ating patotoo at nabubuo ang pagkakaibigan sa mga kabataan."

**Keziah Murielle P.**
*Iloilo Philippines Stake*



"Mahirap talaga ang buhay, ngunit ang pagbabayad ng aking ikapu ay nagpapalakas ng aking pananampalataya at tinitiyak nito na tutulungan ako ng aking Tagapagligtas sa hirap at ginhawa."

**Roehl M. Abonado**
*Cabuyao Philippines Stake*

## PAGPAPALAIN TAYO



"Ipinapakita ko ang aking pagmamahal sa Ama sa Langit sa pagbabayad ng buong ikapu. Hindi Niya iniutos ito nang walang katuturan. Ang totoo, hindi ako nagmula sa mayamang pamilya. Noong naghahanda akong maglingkod sa full-time mission, alalang-alala ako dahil sa kakulangan ng pera. Ngunit dahil nagbabayad ako ng ikapu, gulat na gulat ako sa napakalaking tulong sa akin ng maraming miyembro ng Simbahan. Maayos kong natapos ang proseso ng pag-aaplay at pagkaraan ng isang buwan ay natanggap ko ang mission call ko. Kung talagang babayaran natin ang ating ikapu, pagpapalain tayo."

**Elder Mortera**
*Full-time Missionary, Cagayan de Oro Mission*

## ISANG PAGSUBOK SA PANANAMPALATAYA



"Ang pagbabayad ng ikapu ay talagang isang pagsubok sa pananampalataya. Dapat nating maunawaan na lahat ay pag-aari Niya. Ibinabalik natin ang 10%, gayunman, ang 90% natitira ay totoong higit pa sa kailangan natin. Para sa akin, lagi kong sinisikap na mabuhay ayon sa aking kita—ayon sa 90% nasa akin. Pero dahil sa pagbabayad ng ikapu, pinagpala ako nang higit pa riyan.

Bago ako nagpunta sa mission, nagtrabaho ako at sinuportahan ko ang pamilya ko. Tatlong taon na ang nakararaan, na-stroke ang nanay ko. Nagbitiw ako sa trabaho para maglingkod sa full-time mission kaya kinailangan kong tumigil sa pagpapadala ng pera sa kanila. Gayunman, naglalaan pa rin ang Diyos. Pinanatili Niyang malakas ang nanay ko at malusog ang pamilya namin. Ngayon, bilang full-time missionary, tinatamasa ko pa rin ang mga pagpapala ng pagbabayad ng buong ikapu."

**Sister Canimo**
*Full-time Missionary, Philippines Bacolod Mission*

## TINUPAD NG PANGINOON ANG KANYANG PANGAKO



"Bilang ina na mag-isang nagpapalaki ng tatlong anak noong mga huling taon ng 70's, palaging mahirap pagkasyahin ang aking kinikita. Ang maliit kong sahod bilang public school teacher ay laging kulang, at madalas kaming mangutang.

Nang hamunin kami ng mga missionary na magpabinyag, hindi ako nag-alinlangang sumagot ng oo kahit mukhang patuloy kaming maghihigpit ng sinturon para mabayaran ang aking ikapu. Paano ako makakaraos na may sampung porsiyentong kaltas sa buwanang suweldo ko na tila hindi kayang sustentuhan ang mga pangangailangan namin? "Tingnan natin kung tutuparin ng Panginoon ang Kanyang pangako," naaalala kong sinabi ko sa aking sarili.

Isang araw ng Linggo sa Simbahan, nalaman ko na kung babayaran ko ang aking ikapu ay wala kaming sapat na pamasahe sa jeep pauwi. May dalangin sa aking puso, nagbayad ako ng buong ikapu at inisip ko na posibleng lakarin ang ilang kilometro para makauwi kami.

Walang anu-ano, isang mayamang miyembro ng ward ang nag-alok na isakay kami sa kotse niya! Buong pasasalamat naming tinanggap ang alok at mabilis kaming nakauwi. Nakaraos din kami sa buong buwan at nagkaroon kami ng sapat na pagkain sa aming hapag-kainan hanggang sa matanggap ko ang sumunod na suweldo. Pagkaraan ng mahigit tatlong dekada, lubhang nakaugalian na ng aming pamilya na magbayad ng ikapu. Napupuspos ng galak ang puso ko tuwing naiisip ko ang di-mabilang na mga pagpapalang natanggap namin, kapwa sa temporal at sa espirituwal. Higit sa lahat, nagpapasalamat ako na dahil sa pagbabayad ng buong ikapu ay naging karapat-dapat akong magkaroon ng temple recommend at maglingkod sa bahay ng Panginoon."


**Guia M. Divinagracia**
*Quezon City Philippines Stake*



LARAWAN KUHA NI NOEL MAGLAQUE

# Ikapu at ang aking Pamilya

Ni Junicel Balledos Perez



Ang bahay kubo na may dalawang kuwarto na tinirhan ng pamilya na binubuo ng siyam na katao sa oras ng kanilang kagipitan

LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI JUNICEL PEREZ

Nakilala ng tatay ko ang mga missionary noong 1969, isang panahon na wala pang naririnig tungkol sa Mormonismo sa Iloilo. Agad siyang nabinyagan, at sumunod ang nanay ko noong 1970 matapos makinig sa paglalahad ng mga missionary. Nabinyagan kami ng kapatid kong lalaki noong Enero 1971.

Nagsimba kami sa isang inupahang pasilidad, na dalawang-palapag na bahay na ang isang silid ay ginagamit ng mga missionary bilang tirahan. Ang Primary class namin ay idinaos sa garahe. Ipinagdiwang namin ang Araw ng mga Puso sa isang gold and green ball. Madalas bumisita ang mga missionary sa bahay namin. Napakagandang branch niyon.

Hindi nagtagal pagkatapos ng binyag, dumanas kami ng mga paghihirap. Dumanas kami ng maraming pang-uusig. Nawalan ng trabaho ang tatay ko. Kinailangan naming lumipat sa isang pampublikong paaralan. Dumating ang panahon na naisip ng mga magulang ko na panahon na para lumipat ng lugar.

Kaya isang araw bago sumapit ang aking ika-12 kaarawan, inimpake namin ang aming mga gamit at sumakay ng barko patungong Cebu. Nakakuha ng trabaho ang tatay ko sa isang shipping company sa tulong ng tiyuhin ko. Tumigil kami sa pagsisimba dahil hindi namin alam kung nasaan ang simbahan.

Ipinagbili ng aming mga magulang ang bahay namin at bumili sila ng bahay na mga 13 kilometro ang layo sa Cebu City. Ipinagbili nila ang piyano ko at ginamit ang pera para magpatayo ng dalawang-kuwartong bahay-kubo. Ginamit ng mga magulang ko ang isang kuwarto at nagsiksikan kaming pitong magkakapatid sa kabilang kuwarto.

Napakalaking pagbabago niyon para sa aming lahat. Mula sa isang komportableng bahay, nalipat kami sa isang bahay-kubo. Halos hindi mapagkasya ang suweldo ng tatay ko para sa aming mga pangangailangan. Puro pinaglumaan ng mga pinsan kong isang taon ang tanda sa akin ang mga uniporme ko sa paaralan. Ang mga sapatos namin, dahil mumurahin, ay madaling nasira. Maganda ang mga alaala ng paglalakad sa ulan na suot ang 'nakangiti' naming mga sapatos (bumubuka na ang mga suwelas sa bandang harapan tuwing hahakbang kami).

Nag-aral kami ng kapatid kong lalaki sa alma mater o paaralan ng nanay ko kung saan nabigyan kami ng malaking diskuwento. Kahit may gayong pribilehiyo, hirap pa rin kaming magbayad ng matrikula. Dahil naaantala kami sa pagbabayad, kung minsan hindi kami makakuha ng mahahalagang pagsusulit. Naaalala ko na nagpunta ako sa tanggapan ng prinsipal para humingi ng temporary permit para makakuha ng test o pagsusulit. Apat na beses ko iyong ginawa sa isang taon kaya medyo kilala na ang mukha ko sa kanyang tanggapan.

Dahil malayo sa siyudad, nakitira kami sa aming tiyahin na may patahian. Nagtrabaho kami sa patahian kapalit ng aming pagtira at pagkain. Ang nakababata kong mga kapatid na lalaki na nag-aaral ng elementarya sa isang pribadong paaralan ay kinailangang ilipat sa pampublikong paaralan na puwedeng lakarin mula sa bahay namin. Naglalakad kaming magkapatid noon papasok at pauwi mula sa paaralan. Wala kaming pera para sa meryenda. Ang paborito naming tanghalian ay 'pansit' at 'adobong talong.'

Sa kabila ng mahirap na sitwasyon, nagtiis kami at nakatapos ako ng hayskul noong 1977 na suot ang graduation dress na isinuot ng pinsan ko noong nakaraang taon. Binilhan ako ng mga magulang ko ng aking unang sandalyas na mataas ang takong at tuwang-tuwa akong isuot iyon. Ang pagkakaroon ng isang bagay na bago at binili para lamang sa akin ay bihira!

Nagpatuloy ako sa kolehiyo sa kabila ng kahirapan dahil napakasigasig ng mga magulang namin na pag-aralin kami. Matibay ang paniniwala nila na

Tinatamasa ng awtor (ikatlo mula sa kaliwa) ang mga biyaya ng ikapu kasama ang kanyang pamilya



LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI JUNICEL PEREZ

**Tunay na ang ikapu ay paraan ng Panginoon para biyayaan ang Kanyang mga anak. Hindi Niya kinukuha ang 10%, binibigyan Niya tayo ng pagkakataong tanggapin ang 90%.**

edukasyon lamang ang paraan upang makaahon sa kahirapan, kaya nag-aral kami.

Gayon ang buhay namin mula 1973 hanggang 1980. Pitong taon ng kasalatan ang pinagdaanan namin noon. Isipin na lang ninyo na iisang tuwalya lang ang gamit ng lahat ng siyam na miyembro ng pamilya! Ang nakatatandang mga miyembro ng pamilya na huling gumamit ng tuwalya ay kinailangan itong pigain para 'mapatuyo' ang katawan nila pagkatapos maligo. Kinailangang umigib ng tubig mula sa balon ng komunidad.

Noong 1980, nag-uwi ang bunso kong kapatid ng dalawang missionary na naglalakad sa daan para bumisita sa bahay ng lola ko. Nakilala ng mga elder ang nanay ko, na nagsabi sa kanila na mga miyembro kami ng simbahan.

Ang pagbabagong iyon ay naging napakagandang pagpapala sa aming buhay. Hindi nagtagal matapos naming makilala ang mga elder, tinuruan at nabinyagan ang tatlong pinakabata kong kapatid. Noong Disyembre ng 1980, nagpunta kami sa bagong tayong chapel sa Mandaue at nagsimba sa unang pagkakataon pagkaraan ng pitong taon.

Noong Marso ng 1981, namatay ang tatay ko. Walang trabaho ang nanay ko. Isa lang siyang maybahay, at nag-aalalaga sa dalawa naming pinakabatang mga kapatid. Isang semestre na lang ay matatapos na ako sa kolehiyo samantalang ang kapatid ko ay may isang taon pang natitira. Ang sumunod na dalawa kong kapatid ay nasa hayskul. Ang ikalawang babae sa pamilya ay siyam na taong gulang lamang samantalang ang huling dalawa kong kapatid ay edad lima at tatlo.

Iyon ang pinakamahirap na panahon para sa pamilya. Paano kami makakaraos kung wala ang tatay ko? Siya ang naghahanapbuhay sa amin. Mahirap man, nagkibit-balikat ang nanay namin at siya ang humalili sa lugar ng tatay ko. Nakakita siya ng trabaho bilang ahente ng insurance, gumawa at nagbenta siya ng peanut butter, lumikha at nagbenta siya ng mga handicraft at ginawa niya ang lahat para magkaroon ng pagkain sa mesa, ng damit na maisusuot at para makapag-aral kami.

Sa gitna ng mga paghihirap sa buhay, patuloy kaming nagsimba at aktibong nakilahok sa mga programa ng simbahan. Simula nang magbalik kami, ipinasiya ng nanay ko na panahon na para magbayad ng ikapu. Noong buhay pa ang tatay ko at nagtatrabaho, lubog kami sa utang. Halos hindi magkasya ang suweldo niya para ipambayad sa mga grocery na inutang namin sa tindahan ng kapitbahay namin.

Hindi nagtagal matapos niyang simulan ang pagbabayad ng ikapu, nagsimulang magbago ang lahat. Habang nagsisipag sa trabaho ang nanay ko, hindi na kami naging salat sa pagkain na tulad ng dati. Nakakapagdala pa kami ng pagkain sa simbahan kapag nagtatawag ng potluck ang bishop. Nakakabili na ng sapatos at mga damit ang nanay ko tuwing kailangan namin.

Isa-isa kaming nagmisyon. Lahat kaming pito ay sinuportahan ng nanay namin at pinaglingkod niya kami sa Panginoon. Patuloy siyang nagpakasipag sa trabaho habang wala kami.

Isa-isa niya kaming pinagtapos sa kolehiyo. Nang makatapos at magkatrabaho ang bawat isa sa aming magkakapatid, ibang tao naman ang pinag-aral niya. Hindi nagtagal, nakatapos kaming lahat sa kolehiyo, nagkatrabaho at nagsimulang magkaroon ng sari-sarili naming pamilya.

Sa pagbabalik-tanaw makalipas ang 33 taon, gustung-gusto naming ginugunita at namamangha sa malaking awa ng Panginoon sa amin. Tinulungan Niya kaming makabalik sa simbahan. Ginabayan Niya ang nanay namin sa pagsisikap niyang buhayin ang kanyang mga anak. Sinuportahan Niya ang nanay namin habang nasa misyon kami at habang nag-aaral. Sinusuportahan pa rin Niya ang aming pamilya ngayon. Sabi nga sa himnong gustung-gusto ng lahat: "Ako ay namangha sa pag-ibig ni Jesus."

Lahat ng pagpapalang ito ay dumating dahil naniwala ang aming ina at nagbayad ng buo at tapat na ikapu.

Ang ebanghelyo ay totoo. Ang Simbahan ay totoo. Ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay buhay at mahal Nila tayo. Tunay na ang ikapu ay paraan ng Panginoon para biyayaan ang Kanyang mga anak. Hindi Niya kinukuha ang 10%, binibigyan Niya tayo ng pagkakataong tanggapin ang 90%. Tinutupad Niya ang Kanyang pangako. Inaanyayahan Niya ang mga banal na patunayan Siya, at tunay na tutuparin Niya ang Kanyang pangako kapag sinunod natin ang sinasabi Niya. ■

# Mga Durungawan *sa* Langit

Ni Sariah Guanzon-Ordinario

Tatlong taon na ang nakararaan, nagkaroon ako ng karamdamang halos ikamatay ko. Nagdaan ako sa isang operasyon na nangailangan ng limang doktor para sikaping iligtas ako sa walang-tigil na pagdurugo.

**DALAWANG HIMALA ANG NANGYARI NOONG ARAW NA IYON.**

Ang unang himala ay nang sabihin ng mga doktor, pagkatapos ng 3 oras na operasyon, na ligtas na ako. Ayon sa kanila, isang himala iyon dahil maraming dugo na ang nawala sa akin. Halos naubusan na sila ng paraan para patigilin ang pagdurugo at akala nila ay mamamatay na ako.

Nangyari ang ikalawang himala noong nagpapagaling ako sa silid ng ospital at ibinigay ang discharge order at bayarin sa ospital. Tiningnan iyon ng asawa ko, at nang makita ko ang malaking pagkagulat sa kanyang mukha, alam kong hindi iyon magandang balita.

Pareho kaming walang health insurance noon dahil wala akong trabaho at ang asawa ko naman ay nagtatrabaho bilang kontratista na walang anumang benepisyo. Ubos na ang naipon namin dahil dalawa pang operasyon ang pinagdaanan ko sa nakaraang tatlong buwan bago iyon, pati na ang C-section nang isilang ko ang aming bunsong anak na tatlong buwan pa lamang noon. Naubusan na rin ng pera ang mga magulang namin sa pagtulong sa amin sa nauna kong mga operasyon.

"Paano natin mababayaran ito?" nag-aalalang tanong ko sa asawa ko, na nakaupo sa tabi ng kama ko habang nag-iisip nang malalim. Hindi siya sumagot. Niyaya lang niya akong magdasal.

Pagkatapos naming magdasal, nagbago ang kanyang mukha at sinabi niya, "Alam kong maglalaan ng paraan ang Panginoon. Tapat naman tayong nagbabayad ng ating ikapu." Nagulat ako nang bigla siyang napanatag pero nadama ko rin ang kapanatagan at katiyakang iyon na magiging maayos ang lahat at na hindi kami dapat mabahala.

Makaraan ang ilang oras, habang nagpapadala ng email ang asawa ko sa aming mga kamag-anak at kaibigan para humingi ng tulong, nakipag-chat sa kanya ang isa niyang kliyente at kinumusta siya. Ikinuwento niya sa kanyang kliyente ang nangyari sa akin at sumagot ang kanyang kliyente na kauuwi lang nito mula sa isang temple session kung saan bigla siyang nagkaroon ng malinaw at kakaibang pakiramdam na inaalala ng Panginoon ang asawa ko, na mahal Niya ito at ang kanyang pamilya at na may pagpapalang nakalaan ang Panginoon para sa amin. Pagkatapos ay itinanong nito kung magkano pa ang kailangan namin para mabayaran ang ospital. Handang-handa siyang pautangin kami ng halagang kailangan pa namin.



LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI FELVIR ORDINARIO

Namangha ang asawa ko sa mabilis at di-inaasahang sagot sa aming mga dalangin. Hindi niya alam kung ano ang kanyang sasabihin. Naisip niya na malaking pananamantala iyon at asiwa siyang tanggapin ang gayon kalaking halaga. Sinabi ng kanyang kliyente na gaganda ang pakiramdam niya kung tatanggapin na lang niya ito. Pinasalamatan niya ang kanyang kliyente at tinanggap ang alok at nagkasundo sila kung paano ipadadala ang pera.

Bago natapos ang kanilang pag-uusap, sinabi ng kanyang kliyente na tandaan ang talata sa D at T 84:88 na nagsasabing, "… sapagkat ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking

Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo." Pagkatapos ay ikinuwento sa akin ng asawa ko ang katatapos lang nangyari. Sa pagkamangha ko, ang nasabi ko lang ay "tunay na isang anghel ang lalaking iyon."

May luha ng kagalakan sa aming mga mata, muli kaming nagdasal para magpasalamat. Batid namin na ito ang sagot ng Ama sa Langit sa aming dalangin at na isa ito sa mga pagpapala ng pagbabayad ng buong ikapu.

Pinalabas ako ng ospital noong araw ding iyon at naging malusog na ako simula noon. Lagi kong pinasasalamatan ang Ama sa Langit sa pagbibigay-inspirasyon sa lalaki sa templo tatlong taon na ang nakararaan na maging kasangkapan sa pagsagot sa aming mga dalangin.

Alam ko na talagang inaalala tayo ng Ama sa Langit. Alam ko, nang walang anumang pag-aalinlangan, na kung susundin natin ang batas ng ikapu, matatanggap natin ang mga pagpapalang binanggit sa Malakias 3:10 - "Subukan ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan." ■

# PAGSISIKAP NA TULARAN SI JESUS




"Ang ikapu ay para sa simbahan ng Panginoon. Kapag nakakarinig ako tungkol sa ikapu, iniisip ko ang Tagapagligtas nating si Jesucristo. Ang ating ikapu ay para sa Kanya."

**Celestina Alodia A., *3 taong gulang***
*Legazpi Phils Stake*



"Ang ikapu ay isang utos mula sa Diyos. Kapag nagbabayad tayo ng ating ikapu, ang Ama sa Langit ang magtutustos sa ating pangangailangan kapag kailangan natin ang Kanyang tulong."

**Lika Rozene C., *4 na taong gulang***
*Iloilo North Stake*




"Ang ikapu ay 10% ng ating kinikita. Ito ay sa Ama sa Langit at ibinibigay natin ito sa ating bishop. Gamit ito sa pagtatayo ng ating mga chapel at templo."

**J-Laneah S., *5 taong gulang***
*Pasig Philippines Stake*



"Ang ikapu ay ang perang ibinibigay natin sa bishop. Gamit ito sa pagtatayo ng ating mga chapel at templo."

**Gywneth Bautista D. M., *11 taong gulang***
*Makati Philippines Stake*



"Ang ikapu ay isang utos mula sa Diyos. Sinusubukan Niya tayo para tingnan kung nananampalataya tayo sa Kanya."

**Rhonda Mari Antonette G., *8 taong gulang***
*Makati Philippines Stake*



"Ibinibigay natin ang ikapu para pagpalain tayo. Kapag nagbabayad tayo ng ikapu ligtas tayo sa panganib, at nadarama natin ang Espiritu Santo."

**Ranjake G., *11 taong gulang***
*Makati Philippines Stake*